



Tagapagrehistro ng Mga Botante

Bob Page
Tagapagrehistro ng Mga Botante

PAUNAWA SA PUBLIKO Paunawa tungkol sa Mga Iminumungkahing Lugar ng Botohan at 10-Araw na Panahon ng Pagkokomento ng Publiko Pangkalahatang Halalan sa Pagkapangulo ng Taong 2020

Matapos mapag-alaman ng Estado ng California na maraming taga-California ang kailangan ng opsyon na personal na makaboto sa kabila ng emergency sa pampublikong kalusugan, nagpatupad ito ng isang serye ng mga kautusan (N-64-20 at N-67-20) at batas (Assembly Bill 860 at Senate Bill 423) na naglalayong gawing naa-access, secure at ligtas para sa mga botante at manggagawa sa halalan ang Pangkalahatang Halalan sa Pagkapangulo.

Nitong nakaraang ilang buwan, nagsikap ang San Bernardino County Registrar of Voters (Tagapagrehistro ng Mga Botante ng County ng San Bernardino) na isaayos ang seguridad sa mga lugar ng botohan para sa halalang ito. Dahil sa COVID-19, hindi magagamit ng Registrar of Voters para sa halalang ito ang marami sa mga lugar ng botohan na ginamit sa mga nakaraang halalan. Upang matugunan ang pagkawala ng halos kalahati sa mga pasilidad, bubuksan ang mga lugar ng botohan na gagamitin sa halalang ito sa loob ng apat na araw – Sabado, Oktubre 31 hanggang Martes, Nobyembre 3.

Bago tapusin ang pagpapasya tungkol sa pagtatalaga ng mga lugar ng botohan para sa Pangkalahatang Halalan sa Pagkapangulo ng Taong 2020, naghanda ang Registrar of Voters ng Iminumungkahing Listahan ng Mga Lugar ng Botohan at ng isang mapa ng mga lokasyong ito. Maaaring pag-aralan ng publiko ang:

- Isang Listahan ng Mga Iminumungkahing Lugar ng Botohan sa www.sbcountyelections.com/Portals/9/Elections/2020/1103/List_ProposedPollingPlaces.pdf
- Isang Mapa ng Mga Iminumungkahing Lugar ng Botohan sa www.sbcountyelections.com/Elections/2020/1103/MapofProposedPollingPlaces.aspx.*

Tatanggapin ang mga nakasulat na komento ng publiko sa loob ng sampung araw, hanggang 5 p.m. ng Setyembre 11, 2020, sa pamamagitan ng email sa Communications@rov.sbcounty.gov, sa pamamagitan ng fax sa (909) 387-2022, at sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa 777 E. Rialto Avenue, San Bernardino, CA 92415.

Isasaalang-alang ng Registrar of Voters ang lahat ng nakasulat na komento ng publiko na matatanggap hanggang 5 p.m. ng Setyembre 11, 2020, at isasaayos ang mga lugar ng botohan hangga't naaangkop bago matapos ang pagpapasya tungkol sa pagtatalaga ng mga lugar ng botohan.

** Upang makita ang mapa, kakailanganin ninyong gumamit ng isa sa mga sumusunod na browser: Google Chrome (inirekomenda), Apple Safari, Microsoft Edge, o Mozilla Firefox.*

BOARD OF SUPERVISORS

ROBERT A. LOVINGOOD
First District

JANICE RUTHERFORD
Second District

DAWN ROWE
Third District

CURT HAGMAN
Chairman, Fourth District

JOSIE GONZALES
Vice Chair, Fifth District

Gary McBride
Chief Executive Officer